

**MGA UMIIRAL NA PANUNTUNAN NG IKA-27 NA INTERNASYUNAL NA  
KAPULUNGAN NG SERVICE EMPLOYEES INTERNATIONAL UNION**

**Agosto 8, 2020 (online)**

**Mga Espesyal na Panuntunan para sa Kapulungan sa Taong 2020:** Dahil sa mga alalahanin sa kalusugan ng publiko tungkol sa coronavirus, isasagawa online ang ika-27 na Internasyunal na Kapulungan ng SEIU (“Kapulungan”) sa pamamagitan ng electronic na pag-uugnay sa mga Delegado. Ilalapat ang espesyal na hanay ng Mga Panuntunan ng Kapulungan sa online na Kapulungan sa Taong 2020.<sup>1</sup>

Panuntunan 1. Ang programa ng Kapulungan ang gagamiting batayan ng pagkakasunod-sunod ng gawain. Gayunpaman, maaaring gumawa ng mga pagbabago ang namumunong opisyal kung kailangan.

Panuntunan 2. Magtitipon-tipon ang mga kalahok ng Kapulungan nang 1pm EDT sa Agosto 8, 2020 at tinataya itong matapos nang bandang 5pm EDT sa Agosto 8, 2020. Kung sakaling may anumang halalan na hindi natapos sa oras na iyon, pahahabain ang Kapulungan at aantabay muna ang mga kalahok hanggang sa matapos ang electronic na pagboto sa balota para sa lahat ng posisyon.

Panuntunan 3. Isasagawa online ang Kapulungan, gamit ang web platform na ginawa ng aprubadong vendor ng Internasyunal na Unyon.

Panuntunan 4. Lilimitahan ang paglahok sa Kapulungan sa mga Delegado, Panauhing Delegado, Kahaliling Delegado, awtorisadong panauhin, at Internasyunal na kawani na may mga kredensyal ng URL na ibibigay ng aprubadong vendor ng Internasyunal na Unyon. Tanging mga Delegado at Panauhing Delegado lang na may mga kredensyal ng URL ang hahayaang magsalita sa online na Kapulungan, bukod pa sa sinumang imbitadong (mga) panauhing tagapagsalita. Ang mga Kahaliling Delegado at panauhin na maayos na nakarehistro sa tulong ng aprubadong vendor at iba pang awtorisadong Internasyunal na kawani ay pasasalihin sa Kapulungan para lang manood at makinig.

Panuntunan 5. Ang anumang ulat ng Kapulungan o iba pang komunikasyon na kinakailangang gawin nang “nakasulat” sa ilalim ng mga panuntunang ito o mga dokumento para sa pamamahala ay ipo-post nang electronic sa website ng Kapulungan.

Panuntunan 6. Ang mga panuntunang nakalagay sa kasalukuyang edisyon ng *Robert’s Rules of Order Newly Revised (11<sup>th</sup> Edition)* ang gagamitin sa pamamahala sa Kapulungan sa lahat ng sitwasyon kung saan

---

<sup>1</sup> Mawawalan ng bisa ang mga Panuntunang ito sa pagtatapos ng mga gawain ng Internasyunal na Kapulungan sa Taong 2020. Para sa anumang Kapulungan sa hinaharap, ang mga panuntunan at pagkakasunod-sunod ng gawain na ginamit upang pamahalaan ang Kapulungan ng SEIU sa Taong 2016 (2016 SEIU Convention) ay ipapanumbalik at ipapatupad hanggang sa pagtibayin at aksyunan ang mga bagong panuntunan sa Kapulungan, alinsunod sa Artikulo IV, Seksyon 16 ng Konstitusyon at Mga Alituntunin ng SEIU.

naaangkop ang mga ito at kung saan naaayon ang mga ito sa Konstitusyon at Mga Alituntunin ng SEIU at sa Mga Umiiral na Panuntunang ito. Sakaling may anumang hindi pagkakatumag sa mga bersyong nakasulat sa iba-ibang wika, ang Ingles ang wikang gagamitin bilang batayang talaan para sa teksto ng mga resolusyon at pagsusog sa konstitusyon ng SEIU.

Panuntunan 7. Dahil sa mga partikular na hamon sa pagsasagawa ng online na Kapulungan, ang namumunong opisyal ang magkakaroon ng awtoridad na mangasiwa sa mga tanong tungkol sa kung paano magpapatuloy sa mga online na proseso, nang isinasaalang-alang ang Konstitusyon at Mga Alituntunin ng SEIU, ang espesyal na Mga Umiiral na Panuntunang ito, at ang *Robert's Rules of Order Newly Revised (11<sup>th</sup> Edition)*. Kung saan kailangan, hihingi ng payo ang namumunong opisyal sa Parliamantarian upang makagawa ng naaangkop na pagtanggap.

Panuntunan 8. Imu-“mute” ang mga Delegado at Panauhing Delegado maliban kung kikilalanin sila para magsalita. Kapag kinilala ang isang Delegado o Panauhing Delegado para magsalita, gagawin ng indibidwal ang lahat ng kanyang makakaya upang bawasan ang ingay sa paligid para mapakinggan siya.

### **PAGKREDENSYAL**

Panuntunan 9. Ang Komite para sa Mga Kredensyal, sa tulong ng pagpapayo ng aprubadong vendor, ay mag-uulat online ng tungkol sa bilang ng Delegado, Panauhing Delegado, at Kahaliling Delegado na nakarehistro bilang naroon sa pulong at may mga wastong kredensyal, kasama na rin ang kabuuang bilang ng boto na kwalipikadong gamitin. Kung may maging pagbabago mula sa naunang ulat, gagawa ang Komite para sa Mga Kredensyal ng pansuportang ulat bago magsimula ang electronic na pagboto sa balota para sa mga halalan ng opisyal.

Panuntunan 10.

- a. Tanging mga may kredensyal na Delegado lang na binigyan ng kredensyal sa URL ang magkakaroon ng access sa online na Kapulungan upang magsalita at bumoto.
- b. Ang mga may kredensyal na Panauhing Delegado na binigyan ng kredensyal sa URL ay magkakaroon ng access sa online na Kapulungan upang magsalita, ngunit hindi para gumawa ng mga mosyon o bumoto. Maaaring magnomina ang isang Panauhing Delegado ng miyembro para sa katungkulan sa opisina ng Internasyunal na Unyon o para sa Lupon ng Mga Auditor.
- c. Ang mga may kredensyal na Kahaliling Delegado, aprubadong panauhin, at kawani na binigyan ng kredensyal sa URL ng aprubadong vendor ay magkakaroon ng access sa online na Kapulungan upang manood at makinig.

Panuntunan 11. Ang mga miyembro ng Internasyunal na Lupon ng Ehekutibo na hindi naman mga Delegado sa Kapulungan ay ituturing bilang “Panauhing Delegado.”

Panuntunan 12. Upang mapanatili ang electronic na seguridad ng Kapulungan, hindi maaaring ipasa ng mga Delegado ang kanilang mga kredensyal sa mga Kahaliling Delegado matapos silang bigyan ng kredensyal sa URL ng aprubadong vendor.

### **MGA RESOLUSYON AT PAGESUSOG**

Panuntunan 13. Ang isang Komite para sa Konstitusyon at Mga Batas ay mag-uulat tungkol sa mga pagsusog sa Konstitusyon at Mga Alituntunin. Maaaring magtalaga ang Internasyunal na Pangulo ng iba pang komite para sa paksa ng mga resolusyon at sa iba pang tema.

Panuntunan 14. Ang isang Delegado mula sa isang Lokal na Unyon na maayos na nakapagsumite ng resolusyon o pagsusog sa Konstitusyon at Mga Alituntunin ng SEIU ay bibigyan ng pagkakataong humarap sa naaangkop na Komite upang suportahan ang kanyang isinumite nang hanggang tatlong (3) minuto. Maaari ding magtaguyod ang Komite ng mga proseso para sa pagtanggap ng mga komento mula sa iba pang Delegado, na lilimitahan sa dalawang (2) minuto para sa bawat tagapagsalita. Maaaring pagbotohan ng mga Komite na magsagawa ng mga online na pagdinig kung saan maaaring humarap ang mga Delegado upang ipahayag ang kanilang mga pananaw alinsunod sa anumang mga proseso ng komite.

Panuntunan 15. Maghahanda ang mga Komite ng mga akmaang resolusyon o pagsusog upang isagawa ang mga rekomendasyong isinangguni sa kanila, at isusumite nila ang mga ito sa Kapulungan, kasama ng mga sariling rekomendasyon ng naaayong Komite para sa naaangkop na aksyon, sa mga iyon at sa lahat ng iba pang isinangguning resolusyon o pagsusog. Maaaring gawin ng isang Komite ang mga sumusunod (1) piliing mag-ulat lang ng isa (1) sa maraming resolusyon o pagsusog para sa iisang paksa, (2) pagsama-samahin sa iisang resolusyon ang kabuuan o mga bahagi ng maraming resolusyon o pagsusog para sa iisang paksa at iulat ang pinagsama-samang resolusyon bilang orihinal na teksto, nang nakailalim na rito ang mga orihinal na resolusyon at pagsusog, o (3) pagpasyahang hindi iulat ang isang panukalang resolusyon o pagsusog. Dapat ay walang maging ulat ng minority. Maaaring isuspinde ng Kapulungan ang panuntunang ito kung makakatanggap ito ng pinakamaraming boto at pagkatapos ay mag-atas sa isang Komite na mag-ulat ng resolusyon sa loob ng partikular na panahon, kahit na bumoto ang Komite para hindi ito iulat. Kapag nagbigay ng pahintulot ang lahat sa Kapulungan, maaaring maglatag ang isang Delegado ng resolusyon na katulad ng orihinal na pangunahing mosyon sa Kapulungan na ipapadala sa Internasyunal na Kalihim-Ingat Yaman at isasangguni ito sa naaangkop na Komite. Isusumite ang nasabing resolusyon sa paraang electronic at lalagdaan ng siyang gumawa nito, na dapat ay miyembro ng Kapulungan na may kakayahang bumoto.

Panuntunan 16. Maaaring mag-ulat ang mga Komite ng maraming resolusyon sa isang mosyon na isasaalang-alang at pagbobotohan bilang block. Pangangasiwaan ang ulat ng Komite para sa Konstitusyon at Mga Batas sa paraang kagaya ng pangangasiwa sa ulat ng Komite para sa Mga Resolusyon. Ang mga ulat ng Komite para sa Mga Resolusyon at Komite para sa Konstitusyon at Mga Batas ay hindi sasailalim sa mga mosyong sususugin, ngunit

pagbobotohan ang mga ito ayon sa pagkakalahad ng Komite. Kung negatibo ang lalabas na boto para sa ulat ng Komite gaya ng pagkakalahad rito, isasangguni ito sa Internasyunal na Lupon ng Ehekutibo sa pagtatapos ng Kapulungan.

Panuntunan 17. Dahil sa mga limitasyong inilalahad ng online na Kapulungan, aalamin ng namumunong opisyal ang bilang ng bibigyang-prioridad na resolusyon na idudulog sa mga Delegado.

Panuntunan 18. Ang mga resolusyon kung saan walang aksyong isinagawa ang mga Delegado ay awtomatikong isasangguni sa Internasyunal na Lupon ng Ehekutibo sa pagtatapos ng Kapulungan.

### DEBATE

Panuntunan 19.

- a. Ang sinumang Delegado at Panauhing Delegado na nagnanais na magsalita sa Kapulungan ay magpapahayag sa kanilang pagnanais na magsalita sa pamamagitan ng paggamit ng electronic na dashboard.
- b. Kapag binigyan na ng pahintulot na magpatuloy, ipapakilala ng Delegado o Panauhing Delegado ang kanilang mga sarili ayon sa pangalan at lokal na pangalan o numero.
- c. Hindi kailangang segundahan ang mga mosyon.
- d. Ang isang Delegadong nagnanais gumawa ng mosyon o magsalita para sa isang mosyon ay magpapahayag sa kanyang pagnanais sa pamamagitan ng paggamit sa naaangkop na button sa dashboard para sa layuning iyon.
- e. Ang isang Delegadong nagnanais na maghain ng **point of order** o **point of privilege** ay magpapahayag sa kanyang pagnanais sa pamamagitan ng paggamit sa naaangkop na button sa dashboard para sa layuning iyon.
- f. Maaaring bumoto ang isang Delegado sa lahat ng usapin bukod pa sa mga pinaglalamanang halalan ng opisyal sa pamamagitan ng paggamit ng button sa dashboard para sa “OO” o “HINDI.”
- g. Maaaring iboto ng isang Delegado ang (mga) kandidato para sa katungkulan sa opisyaning Internasyunal sa isang pinaglalamanang halalan sa pamamagitan ng proseso ng pagboto na nakabalangkas sa ibaba.
- h. Hindi maaaring ihain ang mga sumusunod na mosyon: mga mosyon para ibinbin; mga mosyon para ipagpaliban nang walang katiyakan; mosyon para ipagpaliban sa loob ng partikular na panahon; mga mosyon para kanselahin; mga mosyon para limitahan ang debate; mga mosyon para sa muling pagsasaalang-alang; at mga mosyon para hatiin ang tanong.

Panuntunan 20. Walang Delegado o Panauhing Delegado ang magsasalita sa debate nang mahigit sa dalawang beses sa iisang tanong, o nang mas matagal sa dalawang (2) minuto sa bawat pagkakataon, nang walang pahintulot ng assemblya na binigyang-daan ng two-thirds na boto nang walang naging debate.

Panuntunan 21. Maaaring gamitin ng nag-uulat na miyembro ng Komite ang karapatang tumugon kahit na pagkatapos isara ang debate.

Panuntunan 22. Walang Delegadong nagsasalita sa debate ang maaaring magpahinto sa talakayan para sa Nakaraang Tanong.

Panuntunan 23. Ang kabuuang oras sa anumang pangunahing mosyon at mga nakabinbing pangalawang mosyon,

kasama na ang mga pagsusog, ay hindi dapat lumampas sa dalawampung (20) minuto sa kabuuan maliban kung palalawigin sa tulong ng pagboto ng mayoriya sa Kapulungan.

Panuntunan 24. Dahil sa mga limitasyon ng online na Kapulungan, walang magiging pagboto gamit ang boses, pagboto sa pamamagitan ng pagtayo, o pagboto sa pamamagitan ng pag-roll call, maliban sa pagboto sa pamamagitan ng pag-roll call na naaangkop sa halalan ng mga opisyal sa Internasyunal at Lupon ng Mga Auditor.

### **MGA HALALAN**

Panuntunan 25. Ang pagnomina sa mga Opisyal ng Internasyunal na Unyon at Lupon ng Mga Auditor ay gaganapin sa Agosto 8 ng Kapulungan at isasagawa sa ilalim ng superbisyon ng Komite para sa Pag-Roll Call.

Panuntunan 26. Idedeklarang bukas ng namumunong opisyal ang mga nominasyon para sa mga partikular na katungkulan sa opisina. Gayunpaman, maaaring magtalaga ang Internasyunal na Pangulo ng iba na siyang mangangasiwa sa mga nominasyon ng ilang partikular na opisyal. Ang pagkakasunod-sunod ng mga nominasyon ay gaya ng sumusunod: Internasyunal na Pangulo, Internasyunal na Kalihim-Ingat Yaman, mga Ehekutibong Pangalawang Pangulo, mga Pangalawang Pangulo, mga Miyembro ng Lupon ng Ehekutibo, Retiradong Miyembro ng Lupon ng Ehekutibo, anupamang ibang opisyal sa Internasyunal, at Lupon ng Mga Auditor. Ang pagboto para sa mga pinaglalamanang katungkulan sa opisina ay hindi magsisimula hanggang sa makumpleto ang mga nominasyon para sa lahat ng katungkulan. Kung nakaiskedyul ang mga nominasyon para sa mahigit isang katungkulan nang sabay-sabay, maaari lang maging nominado ang isang miyembro para sa isang katungkulan.

Panuntunan 27. Hindi tatanggapin ang mga nominasyon para sa anumang katungkulan hanggang sa makumpleto ang mga nominasyon para sa naunang katungkulan. Ang isang Delegadong nagnanais magnomina ng kandidato o listahan ng kandidato ay magpapahayag sa kanyang pagnanais sa pamamagitan ng paggmit sa naaangkop na button sa dashboard para sa layuning iyon. Walang magiging pagsegunda o mga talumpati para sa pagsegunda.

Panuntunan 28. Maaaring magnomina ang isang Delegado ng maraming kandidato hangga't gusto niya. Para sa mga posisyon ng Ehekutibong Pangalawang Pangulo, mga Pangalawang Pangulo, miyembro ng Lupon ng Ehekutibo (kasama na ang Retiradong Miyembro), at Lupon ng Mga Auditor, maaaring magnomina ang isang Delegado ng mga

kandidato bilang isang listahan, at kung gayon, kikilalanin ang listahan sa balota. Ang lahat ng kandidatong nakalagay sa isang listahan ay indibidwal ding ililista sa balota.

Panuntunan 29. Ang mga talumpati bilang nominado para sa mga kandidato bilang Internasyunal na Pangulo, Internasyunal na Kalihim-Ingat Yaman, at Ehekutibong Pangalawang Pangulo ay hindi dapat lumampas sa dalawang (2) minuto. Ang mga talumpati bilang nominado para sa mga kandidato bilang Pangalawang Pangulo, mga Miyembro ng Lupon ng Ehekutibo, at mga miyembro ng Lupon ng Mga Auditor ay hindi dapat lumampas sa isang (1) minuto.

Panuntunan 30. Ang sinumang miyembrong nagnanais magsumite ng pagprotesta sa halalan na patungkol sa anumang isyu ay maghahain sa nasabing protesta sa loob ng labinlimang (15) araw pagkatapos ng Kapulungan o matapos bilangin ang mga boto (alinman ang mas matagal). Pangangasiwaan ang inihaing protesta sa halalan gamit ang mga prosesong inilalarawan sa Artikulo V, Seksyon 4 ng Konstitusyon at Mga Alituntunin ng SEIU.

Panuntunan 31. Bago isara ang mga nominasyon para sa isang katungkulan, itatanong ng namumunong opisyal kung may sinuman sa mga nominado ang nagnanais tanggihan ang pagnomina sa kanila. Kung naisara na ang mga nominasyon para sa isang partikular na katungkulan at isang (1) nominado lang o ang kinakailangang bilang ng nominado ang nanomina para sa katungkulang iyon, idedeklara ang nasabing (mga) nominado bilang naihalal sa pamamagitan ng aklamasyon, at maaaring isagawa ang deklarasyong iyon sa sandaling isara na ang mga nominasyon para sa partikular na katungkulang iyon at bago isagawa ang mga nominasyon para sa susunod na katungkulan.

Panuntunan 32. Matapos makumpleto ang lahat ng katungkulang dapat punan sa araw na iyon, ang isang online na balotang maglalaman ng lahat ng nominado nang nakaayos ayon sa katungkulan ay ihahanda para sa bawat pinaglalamanang katungkulan ng isang aprubadong vendor. Ang bawat Delegadong nag-log in sa Kapulungan ay makakatanggap ng email na may kasamang mga tagubilin kung paano i-access ang electronic na balota. Kailangang isumite ang electronic na balota ng isang Delegado nang hindi lalampas sa pitong (7) araw pagkalipas ng araw kung kailan ito ipinadala sa email sa Delegado.

Panuntunan 33. Ang isang nominado o potensyal na maging nominado ay maaaring magpadala ng email sa Tagapangulo ng Komite para sa Pag-Roll Call kung saan nakalagay ang pangalan ng Delegadong gaganap bilang tagaobserba. Bibigyan ang mga tagaobserba ng mga tagubilin para sa pag-oobserba.

Panuntunan 34. Maaaring umatras ang isang kandidato sa halalan anumang oras.

Panuntunan 35. Ang anumang halalan sa pamamagitan ng pag-roll call ay isasagawa gaya ng sumusunod:

- a. Tanging mga kwalipikadong Delegado lang na pasasalihin sa online na Kapulungan anumang oras sa Agosto 8, 2020 ang maaaring bumoto. Dapat ay walang maging pagboto ng proxy. Ang

- lakas ng pagboto ng bawat delegasyon ng Lokal na Unyon ay kakalkulahin alinsunod sa Artikulo IV, Seksyon 12 ng Konstitusyon at Mga Alituntunin ng SEIU, nang nakahati nang pantay-pantay ang mga boto ng Lokal na Unyon, nang naka-fraction kung kailangan, sa mga Delegadong kwalipikadong bumoto.
- b. Sa sandaling natapos na ang pagboto, bibilangin ng awtorisadong vendor, sa tulong ng Komite para sa Pag-Roll Call, ang mga boto at iuulat ang mga resulta ng halalan sa Tagapangulo ng Komite para sa Pag-Roll Call, na siya namang mag-uulat sa mga resulta sa mga Delegado ng Kapulungan. Ang tally sheet ng Komite na magpapakita sa bilang ng boto na isinagawa ng bawat Lokal na Unyon para sa bawat kandidato ay ipo-post sa website ng Kapulungan sa lalong madaling panahon at magiging bahagi ng talaan ng Kapulungan.

Panuntunan 36. Ang mga talaan ng halalan, kasama na ang isang transcript ng mga naging proseso at mga kredensyal ng lahat ng Delegado, ay itatabi ng Internasyunal na Kalihim-Ingat Yaman nang hindi bababa sa isang (1) taon.